

Welcome sa Site ng Pambuong Estadong Bukas na Pagpapatala ng
New Jersey Department of Community Affairs para sa
EMERGENCY NA TULONG SA RENTA SA PANAHOON NG COVID-19 (PHASE II NG CVERAP)

Magbubukas sa Marso 22, 2021, magbibigay ang Phase II ng Programa sa Emergency na Tulong sa Renta (COVID-19 Emergency Rental Assistance Program Phase II) (Phase II ng CVERAP) ng arrears sa renta at pansamantalang tulong sa renta sa mga sambahayang mababa hanggang katamtaman ang kita, nagkaroon ng malaking kabawasan sa kita, naging kwalipikado para sa mga benepisyo sa kawalan ng trabaho, nagkaroon ng malalaking gastusin, o nakaranas ng problema sa pananalapi na direkta o hindi direktang, dulot ng COVID-19 pandemic. Ang Nan McKay & Associates ay binigyan ng awtorisasyon ng New Jersey Department of Community Affairs para tumulong sa pagbibigay ng Phase II ng CVERAP at para makipag-ugnayan sa mga aplikante at landlord.

Emergency na Tulong sa Renta para sa Arrears: Posibleng maging kwalipikado ang mga aplikante para sa maximum na labindalawang buwan ng emergency na tulong sa renta para makatulong sa pagbabayad ng arrears ng renta at renta sa hinaharap hangga't may mga pondong available. Puwedeng mag-apply para sa karagdagang pagpopondo ang mga pamilyang nakatanggap na ng pagpopondo ng CVERAP sa pamamagitan ng Phase I ng programa, na nangangailangan ng karagdagang suporta sa renta, at hindi pa nakatanggap ng maximum na labindalawang buwan ng emergency na tulong sa renta.

Emergency na Tulong sa Renta para sa Mga Renta sa Kasalukuyan at Hinaharap: Limitado ang tulong-pinansyal sa tatlong buwan batay sa isinumiteng aplikasyon, pero puwedeng makatanggap ang sambahayan ng karagdagang tulong para sa mga karagdagang buwan ayon sa availability ng mga natitirang pondo at pagiging kwalipikado eligibility, at hindi dapat lumampas nang 12 buwan (dagdag pa karagdagang tatlong buwan kung kinakailangan para matiyak stability ng pabahay).

Natutugunan dapat ng lahat ng taong nag-a-apply ang lahat ng naaangkop na kinakailangan sa pagiging kwalipikado ng Phase II ng CVERAP. Para makapag-apply, ikaw ay dapat labinwalong (18) taong gulang pataas o isang emancipated minor. **Isang (1) aplikasyon lang ang tatanggapin para sa bawat sambahayan.** Tatanggapin ang mga aplikasyon hanggang sa sapat na aplikasyon na ang natanggap para matiyak ang pamamahagi sa lahat ng available na pondo ng Phase II ng CVERAP. Gagamitin ang isang computerized na seleksyon (lottery) na proseso para pumili ng mga residenteng naapektuhan ng COVID-19 para sa pagpapasya ng pagiging kwalipikado.

Mga Pamantayan sa Pagiging Kwalipikado: Dapat ay natutugunan ng mga napiling sambahayan ang mga sumusunod na pamantayan sa pagiging kwalipikado para maging kwalipikado para sa tulong:

- Kwalipikado para sa benepisyo sa kawalan ng trabaho o nakaranas ng pagbaba ng kita sa sambahayan, nagkaroon ng malalaking gastusin, o nakaranas ng problema sa pananalapi na direkta o hindi direktang dulot ng COVID-19 pandemic;
- Magpakita ng posibilidad na makaranas ng kawalan ng tirahan o stability sa pabahay;
- Mayroong kita ng sambahayan na nasa o mababa sa 80 porsyento ng area median na kita (pakitingnan ang mga limitasyon sa kita sa ibaba);
- Mawalan ng mga asset at kita para makapagbayad ng arrears o renta sa kasalukuyan o hinaharap;
- Residente ng New Jersey; at

- Maobligang magbayad ng renta para sa isang residensyal na tirahan.

Babayaran lang ng programa ang renta para sa arrears na naipon pagkalipas ng Marso 13, 2020.

Sa ngalan ng isang tenant, puwedeng mag-apply para sa tulong ang mga manager o may-ari ng ari-arian ng isang residensyal na tirahan. Dapat gawin ng landlord ang mga sumusunod:

- Makuha ang lagda ng tenant na nasa aplikasyon, na isasadokumento sa electronic na paraan; at
- Magbigay ng dokumentasyon ng aplikasyon sa tenant para maabisuhan ang tenant na isinumite ang aplikasyon.

MGA MAXIMUM NA LIMITASYON SA KITA PARA SA PROGRAMA NA EMERGENCY NA TULONG SA RENTA SA PANAHOON NG COVID-19

Ipinapakita ng chart sa ibaba ang mga maximum na limitasyon sa kita na kasalukuyang ipinapatupad para sa mga sambahayang may hanggang sa walong miyembro. Kung mayroon kang mas malaking sambahayan, makipag-ugnayan sa DCA sa 609-490-4550 para sa tulong sa pagpapasya sa mga maximum na limitasyon sa kita para sa iyong sambahayan.

MAXIMUM NA LIMITASYON SA KITA PARA SA EMERGENCY NA TULONG SA RENTA SA PANAHOON NG COVID-19								
COUNTY	1 TAO	2 TAO	3 TAO	4 NA TAO	5 TAO	6 NA TAO	7 TAO	8 TAO
Atlantic County	\$46,450	\$53,100	\$59,750	\$66,350	\$71,700	\$77,000	\$82,300	\$87,600
Bergen County	\$54,950	\$62,800	\$70,650	\$78,500	\$84,800	\$91,100	\$9,7350	103,650
Burlington County	\$54,150	\$61,850	\$69,600	\$77,300	\$83,500	\$89,700	\$95,900	\$102,050
Camden County	\$54,150	\$61,850	\$69,600	\$77,300	\$83,500	\$89,700	\$95,900	\$102,050
Cape May County	\$48,100	\$54,950	\$61,800	\$68,650	\$74,150	\$79,650	\$85,150	\$90,650
Cumberland County	\$41,100	\$47,000	\$52,850	\$58,700	\$63,400	\$68,100	\$72,800	\$77,500
Essex County	\$54,950	\$62,800	\$70,650	\$78,500	\$84,800	\$91,100	\$97,350	\$103,650
Gloucester County	\$54,150	\$61,850	\$69,600	\$77,300	\$83,500	\$89,700	\$95,900	\$102,050
Hudson County	\$55,250	\$63,150	\$71,050	\$78,900	\$85,250	\$91,550	\$97,850	\$104,150
Hunterdon County	\$57,800	\$66,050	\$74,300	\$82,550	\$89,200	\$95,800	\$102,400	\$109,000
Mercer County	\$54,950	\$62,800	\$70,650	\$78,500	\$84,800	\$91,100	\$97,350	\$103,650

Middlesex County	\$57,800	\$66,050	\$74,300	\$82,550	\$89,200	\$95,800	102,400	\$109,000
Monmouth County	\$54,950	\$62,800	\$70,650	\$78,500	\$84,800	\$91,100	\$97,350	\$103,650
Morris County	\$54,950	\$62,800	\$70,650	\$78,500	\$84,800	\$91,100	\$97,350	\$103,650
Ocean County	\$54,950	\$62,800	\$70,650	\$78,500	\$84,800	\$91,100	\$97,350	\$103,650
Passaic County	\$54,950	\$62,800	\$70,650	\$78,500	\$84,800	\$91,100	\$97,350	\$103,650
Salem County	\$54,150	\$61,850	\$69,600	\$77,300	\$83,500	\$89,700	\$95,900	\$102,050
Somerset County	\$57,800	\$66,050	\$74,300	\$82,550	\$89,200	\$95,800	102,400	\$109,000
Sussex County	\$54,950	\$62,800	\$70,650	\$78,500	\$84,800	\$91,100	\$97,350	\$103,650
Union County	\$54,950	\$62,800	\$70,650	\$78,500	\$84,800	\$91,100	\$97,350	\$103,650
Warren County	\$54,950	\$62,800	\$70,650	\$78,500	\$84,800	\$91,100	\$97,350	\$103,650

KAILAN:

Tatanggapin lang ONLINE ang mga aplikasyon sa Phase II ng CVERAP. Magbubukas ang panahon ng aplikasyon sa Marso 22, 2021 sa ganap na 9:00 am, Eastern Standard Time.

PROSESO:

Puwedeng isumite ONLINE ang mga aplikasyon sa Phase II ng CVERAP simula sa Marso 22 sa ganap na 9:00 a.m. gamit ang isang personal na computer, laptop, smartphone, o tablet sa <https://njdca.onlinepha.com>. Ang aplikasyon sa link na ito ay hindi magiging accessible bago ang Marso 22 sa ganap na 9:00 a.m.

Hindi ipapamahagi o tatanggapin ang mga nasa papel na aplikasyon ng Phase II ng CVERAP. **Isang aplikasyon lang sa Phase II ng CVERAP ang tatanggapin sa bawat sambahayan. Sasalimalim ang prospektibang tulong sa rental sa tatlong buwang recertification. Tatanggihan ang duplicate na Phase II ng CVERAP.**

KINAKAILANGAN ANG IMPORMASYON NG SAMBAHAYAN:

Mga pangalan, petsa ng kapanganakan, impormasyon sa kita para sa lahat ng indibidwal na nakatira sa sambahayan, pati na rin ang:

- Impormasyon ng landlord;
- Kasalukuyan at dating natanggap na tulong sa pabahay, kung mayroon man;
- Patunay ng problema sa pananalapi na direkta o hindi direktang dulot ng COVID-19 pandemic;
- Patunay ng pagiging nasa mataas na panganib ng pagdanas ng kawalan ng tirahan o instability ng pabahay;
- Kasunduan sa upa; at

- Patunay ng arrearages.

Kailangan din ng email address. Kung wala kang e-mail address, mabibigyan ka ng pagkakataon na gumawa nito sa proseso ng aplikasyon. Kung hindi ka mahusay sa wikang Ingles, available sa 90 wika ang aplikasyon ng Phase II ng CVERAP. Makikita ang impormasyong ito simula sa Marso 22, 2021 sa ganap na 9:00 a.m. sa <https://njdca.onlinepha.com>, sa kanang bahagi sa itaas ng aplikasyon.

MGA MAKATUWIRANG AKOMODASYON:

Magbibigay ang Department of Community Affairs ng makatuwirang akomodasyon para sa mga indibidwal na may kapansanan at taong may limitadong kahusayan sa wikang Ingles ayon sa sitwasyon, at isasaalang-alang nito ang kapansanan at (mga) pangangailangan ng (mga) indibidwal o mga sambahayang walang access sa internet. Mangyaring makipag-ugnayan sa Serbisyo sa Aplikante ng DCA sa 609-490-4550, para sa tulong. Hindi ginagarantiya ng pagsusumite ng aplikasyon ng Phase II ng CVERAP ang pagkakatalaga sa programa. Isang aplikasyon lang sa Phase II ng CVERAP ang tatanggapin sa bawat sambahayan. Tatanggihan ang duplicate na Phase II ng CVERAP.

PROSESO NG LOTTERY:

Gagamitin ang isang computerized na seleksyon (lottery) na proseso para matukoy ang pagkakasunod-sunod ng pagpili sa mga aplikasyon para sa pagpapasya ng pagiging kwalipikado. Ang bawat aplikasyong isinumite sa panahon ng bukas na aplikasyon ay may pantay-pantay na tsansa na mapili sa lottery.

Pakitandaan na hindi ginagarantiya ng pagsusumite ng aplikasyon sa Phase II ng CVERAP ang pagkakatalaga sa programa, at hindi rin nito ginagarantiya ang pansamantalang tulong sa rental sa Phase II ng CVERAP.

KARAGDAGANG IMPORMASYON:

Ang impormasyon ng status ay magiging available sa: <https://njdca.onlinepha.com> sa Marso 22, 2021. Sa site na ito, puwede mong tingnan ang status ng iyong aplikasyon.

Pakibista ang Mga Madalas Itanong

sa: www.nj.gov/dca/divisions/dhcr/offices/docs/FAQs_CVERAP.pdf kung mayroon kang anumang higit pang tanong.

Patuloy na balik-balikan ang website ng DCA para makita kung kailan magbubukas ang mga bagong waiting list sa hinaharap.